DepEd ADVISORY No. **333**, s. 2012
in compliance with DepED Order No. 39, s. 2009
this advisory is issued for the information of DepEd officials and personnel
(Visit DepEd website at www.deped.gov.ph)
July 13, 2012

UNANG PAMBANSANG SEMINAR-WORKSYAP NG SULU SA FILIPINO

Ang Pampaaralang Distrito ng Banguingui (Tongkil), katuwang ng Panrehiyong Sentro sa Wikang Filipino (PSWF) – Autonomous Region in Muslim Mindanao (ARMM), Commission on Higher Education (CHED), Panrehiyong Tanggapan ng Kagawaran ng Edukasyon sa ARMM, at Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magtataguyod ng *Unang Pambansang Seminar-Worksyap ng Sulu sa Filipino* na may temang *"Ang Kahalagahan ng Wikang Filipino at Iba pang Wika sa Pagtataguyod ng Kapayapaang Pambansa"* na gaganapin sa Agosto 24-26, 2012 sa Notre Dame of Jolo College (NDJC), Jolo, Sulu.

Layunin ng Seminar-Worksyap na ito ang mga sumusunod:

1. tipunin ang iba't ibang tagapagtaguyod ng wikang Filipino sa iba't ibang antas ng edukasyon sa bansa upang bigyang-pansin ang mga papel na ginampanan ng wikang Filpino sa pag-unlad ng bansa kasabay ng intelektwalisasyon at globalisasyon;
2. ipabatid ang tungkulin ng asignatura at wikang Filipino sa responsableng pagtamo ng kalayaang pang-akademiko (academic freedom);
3. talakayin ang iba't ibang pagdulog sa pagtuturong pagpapahalaga ng panitikan at pagpapabayong sa panitikan ng Mindanao;
4. ipakilala ang mga simulain ng edukasyong pangkapayapaan (peace education) at mga pamamaraan ng pagsanib ng usaping pangkapayapaan sa pagtuturo ng Filipino; at
5. itampok ang probinsya ng Sulu bilang salig sa kaunlaran ng bansa lalo na sa usaping akademiko at pangkapayaan.

Ang mga inaasahang dadalo sa seminar-worksyap na ito ay mga panrehiyon at pansangay na superbisor sa Filipino, mga tagapangulo o tagapag-ugnay ng asignaturang Filipino, at mga guro sa lahat ng antas ng pampamahalaan at pribadong paaralan.

Para sa karagdagang impormasyon, ang mga dadalo ay maaaring makipag-ugnay sa mga sumusunod:

Dr. Parcasia M. Chiong
Pansangay na Direktor
Panrehiyong Sentro ng Wikang Filipino - ARMM
Sulu State College
Mobile Phone Blg.: 0926-288-6885

Hji. Mohammad Amin A. Aukasa
Pandistritong Superbisor
Distrito ng Banguingui (Tongkil)
DepEd ARMM, Sulu II
Mobile Phone Blg.: 0926-242-8552
E-mail Address: hji.mohammadaminaukasa

Madel: Seminar-Worksyap ng Sulu
July 9, 2012